k. Ang pagkaalis ng awa sa puso ay tanda ng kasawiang-palad ng isang tao.

## 12. Ang Pagbabawal sa Paglabag sa Katarungan

Sinabi ni Allah:

مَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ حَمِيمٍ وَلَا شَفِيعٍ يُطَاعُ

**"...Ang mga lumalabag sa katarungan ay mawawalan ng matalik na kaibigan ni tagapamagitang matatalima."** (40:18)

Ayon kay Abu Dharr (RA), ayon sa isinasalaysay ng Propeta (SAS) hinggil kay Allah na Siya ay nagsabi: **"O mga lingkod Ko, tunay na ipinagbawal ko sa Aking sarili ang paglabag sa katarungan at ginawa Ko itong bawal sa pagitan ninyo, kaya naman huwag kayong lumabag sa katarungan...."**

Ayon kay Jābir (RA), ang Sugo ni Allah (SAS) ay nagsabi: **"Pangilagan ninyo ang paglabag sa katarungan sapagkat ang paglabag sa katarungan ay mga kadiliman sa araw ng pagkabuhay na muli...."**

**Mananampalataya, nang harinawa kayo ay magtagumpay."** (24:31)

Sinabi pa Niya:

يَا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُوا تُوبُوا إِلَى اللَّهِ تَوْبَةً نَصُوحًا

**"O mga sumampalataya, magbalik-loob kayo kay Allah ng tapat na pagsisisi;"** (66:8)

Ayon sa sinabi ni al-Agharr ibnu Yasār al-Muzani (RA), nagsabi ang Sugo (SAS): **"O mga tao magbalik-loob kayo kay Allah nang nagsisi at humingi kayo ng tawad sa Kanya sapagkat tunay na ako nga ay nagbabalik-loob na nagsisisi sa kanya ng isang daang beses isang araw."**

Ayon sa sinabi ni Anas (RA), nagsabi ang Sugo ni Allah (SAS): **"Si Allah ay higit pang masaya sa pagsisisi ng Kanyang lingkod kaysa sa isaman sa inyo na natagpuan ang kanyang kamelyo[1] na nakawala mula sa kanya sa lupain na tigang ng disyerto."**

---

[1] Na may dala ng kanyang pagkain at inumin.

